International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 1-10

# Lived Experiences and Competencies of Out-of-Field Teachers in Teaching Filipino in Tboli West District: Basis for Developing a Suitable Program for Guidance and Support in Innovative Teaching Practices

**Wilbert G. Flang[1], Anesa P. Mangindra[2]**

[1]Department of Education, T'boli National High School – Tboli, South Cotabato, Philippines
Email: wilbert.flang@deped.gov.ph
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
Email: anesamangindra@sksu.edu.ph

**Abstract**
*Out-of-field teaching, where teachers handle subjects outside their specialization, poses a challenge to the quality of education. This study aimed to examine the experiences, perspectives, and competencies of out-of-field teachers teaching Filipino and to develop a training program that addresses their needs. The research employed an exploratory sequential mixed-method approach, analyzing data from fifteen (15) teachers in the Tboli West District using a classroom observation tool rating and interviews. The study identified key themes describing their experiences, including fulfilling personal aspirations and social roles, challenges in teaching Filipino, personal growth and transformation in teaching Filipino, and the development of teaching skills and proficiency in the Filipino language. Additionally, the study determined themes that describe the context of their teaching experiences, such as positive emotional impact, acceptance of challenges and instructional improvement, and emotional and mental struggles in teaching Filipino. Findings also revealed that these teachers maintain a positive outlook on their professional future and continuously strive to enhance their teaching competencies. Moreover, the PAGSIK training program was developed and validated, receiving high validity and acceptance, reflecting strong approval and positive perception from experts. This study highlights the crucial role of sufficient support and training in improving the teaching effectiveness of out-of-field teachers.*
Keywords: *out-of-field teaching, Filipino teachers, training program, quality education, teaching challenges, professional development*

## PANIMULA

Ang isyu ng labas sa larang na pagtuturo, kung saan ang mga guro ay naatasang magturo ng mga asignatura o antas na labas sa kanilang espesyalisasyon, ay nagdudulot ng makabuluhang hamon sa kalidad ng edukasyon.

Sa buong mundo, mas karaniwan ang labas sa larang na pagtuturo sa mga rural na lugar at mga kulang sa serbisyo, kung saan ang pag-akit at pagpapanatili ng mga kwalipikadong guro ay isang patuloy na suliranin (Ingersoll et al., 2018). Sa mga rehiyong ito, ayon kina Hudson at Hudson (2019), ang kakulangan ng propesyonal na pag-unlad at suporta para sa mga labas sa larang na guro ay maaaring magpalala ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa edukasyon, na nag-iiwan sa mga mag-aaral sa mas mababang kalagayan kumpara sa kanilang mga kapwa mag-aaral sa mas maunlad na mga lugar.

Sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas, ito ay partikular na laganap sa mga asignaturang teknikal tulad ng agham at matematika, pati na rin sa mga wikang banyaga (DepEd,

2019). Ang mga guro na naaatasan ng mga labas sa larang na asignatura ay madalas na kinakailangang tumugon nang mabilis, ngunit maaaring kulang sila sa sapat na kaalaman o kasanayan upang magturo ng mga komplikadong konsepto, na nagdudulot ng hamon hindi lamang sa kanilang pagtuturo kundi pati na rin sa kanilang motibasyon at kasiyahan sa trabaho (Bausa & Marbella, 2024).

Sa lokal na konteksto ng Tboli, isang munisipalidad sa South Cotabato, ang isyu ng labas sa larang na pagtuturo ay nagiging hamon sa kalidad ng edukasyon, lalo na sa mga paaralan sa malalayong komunidad (UNESCO, 2021) at mga *Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDA).* Dahil sa kakulangan ng sapat na mga guro na may espesyalisadong kaalaman, madalas na napipilitan ang mga paaralan sa Tboli na magtalaga ng mga guro sa mga asignatura na hindi nila pangunahing larangan. Ang malawakang pagbukas ng *Integrated* na paaralan sa Tboli ay nagdulot sa mga guro ng madalas na pagharap sa mga dagdag na hamon.

Ayon sa mga pag-aaral, kumakaharap sa mga suliranin ang mga gurong labas sa kanilang espesyalisasyon. Natukoy na ang kakulangan ng sapat na kaalaman at kasanayang pedagohikal ay nagpapababa sa kalidad ng pagtuturo at pagganap ng mga mag-aaral. Karagdagan, ang mga gurong nagtuturo ng asignaturang hindi nila larangan ay nakararanas ng mataas na antas ng stress at burnout, na nagbabawas sa kanilang pagiging epektibo sa pagtuturo at kasiyahan sa trabaho (Dillon, 2018; Benton & Pugh, 2019; Guskey, 2017).

Sa kabila nito, walang sapat na pag-aaral ang naisagawa na naglalayong suriin ang danas ng mga gurong labas sa larang sa pagtuturo ng Filipino. Karagdagan, wala pang pag-aaral sa danas ng mga gurong nagtuturo ng Filipino na labas sa larang na nagresulta sa pagbuo ng programang pampagsasanay sa Filipino sa Distrito ng Tboli West.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mag-ambag sa mas malalim na pag-unawa sa mga komplikadong aspekto ng labas sa larang na pagtuturo sa malalayong lugar at magbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng paghahanda ng mga guro at suporta sa mga katulad na konteksto ng edukasyon. Kaya naman, mahalagang tukuyin ang danas ng mga gurong labas sa larang upang mas maunawaan ang antas ng kanilang kasanayan sa wika. Ito ay magbibigay ng daan sa pagbuo ng isang programang pampagsasanay sa Filipino.

Naglayon na masagutan ang sumusunod na tanong ang pananaliksik na ito:

1. Ano ang mga karanasan ng mga gurong labas sa larang sa pagtuturo ng Filipino?
2. Ano ang mga konteksto ng mga karanasan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino na labas sa larang?
3. Paano nakikita ng mga gurong labas sa larang ang kanilang mga sarili sa hinaharap?
4. Ano ang kompetensi ng mga gurong nagtuturo ng Filipino na labas sa larang batay sa:
   4.1. Kaalaman sa Nilalaman at Pedagohiya; at
   4.2. Kapaligirang Pampagkatuto at Pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral?
5. Ano ang antas ng balidasyon ng mga dalubhasa sa programang PAGSIK
6. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga dalubhasa sa programang PAGSIK?

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 5 Special Issue | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 1-10

## METODOLOHIYA

2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *exploratory sequential* na uri ng pinagsamang pamamaraan upang masuri ang karanasan at kompetensi ng mga gurong labas sa larang sa pagtuturo ng Filipino sa Tboli upang makabuo ng angkop na programang pampagsasanay. Sa unang yugto, ginamit ang kwalitatibong pamamaraan tulad ng panayam upang tuklasin ang mga karanasan ng mga guro. Ang mga temang lumitaw mula rito ay ginamit bilang batayan sa pagbuo ng kwantitatibong instrumento sa ikalawang yugto, kung saan sinuri ang mas malawak na grupo ng mga guro upang makuha ang istadistikal na datos.

2.2. Respondente ng Pananaliksik

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng labinlimang (15) pampublikong guro na labas sa larang na nagtuturo ng Filipino sa sekondarya sa Distrito ng Tboli West para sa taong panuruan 2024-2025.

2.3. Instrumento ng Pananaliksik

Sa pangangalap ng kwantitatibong datos, ginamit ng mananaliksik ang mga nakahandang *classroom observation rating* ng mga kalahok upang matukoy ang kanilang kompetensi sa pagtuturo ng Filipino. Samantala, ginamit ng mananaliksik sa *semi-structured interview* ang inadapt na mga gabay na tanong ni Moustakas (1994) upang makalap ang kwalitatibong datos. Ginamit din ng mananaliksik ang isang kagamitang pambalidasyon na halaw sa *Professional Development Program Design Quality Assurance ng Department of Education (2023*) at batayang panukat mula sa pag-aaral ni Francisquite (2011) upang matukoy ang antas ng balidasyon ng programang pampagsasanay na nabuo. Para naman sa antas ng pagtanggap, ang rubriks na ginamit ay sumailalim sa balidasyon upang matiyak ang pagiging masusi nito. Ginamit ng mananaliksik ang *Content Validity Index* upang matukoy ang balidit ng rubriks. Ang nakuhang Content Validity Index na 1 ng instrumento ay nangangahulugang ito ay balido.

2.4. Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *descriptive statistical* analisis para sa kwantitatibong datos. Ang *mean* at *standard deviation* ay ginamit upang ilarawan ang kompetensi ng mga gurong labas sa larang na nagtuturo ng Filipino na ibinatay sa *RPMS 5-point scale rating* na nakasaad sa *Deped Memorandum No. 008, s.2023*. Ginamit din ang *mean* at *standard deviation* sa pagtukoy ng antas ng balidasyon gayundin sa pagtanggap sa programang pampagsasanay.

Ginamit din ng mananaliksik ang *thematic analysis* na sumunod sa Ang mananaliksik ay sumunod sa balangkas na itinatag nina *Braun at Clarke* (2006) para sa pag-aaral na ito.

2.5. Etikal na Konsiderasyon

Tiniyak ng mananaliksik ang diskresyon at kapakanan ng bawat kalahok. Isang priyoridad ng mananaliksik ang makuha ang paunang pahintulot at kompidensyalidad. Sa liham, isinaalang-alang ang mahahalagang punto at paliwanag ng layunin ng pag-aaral. Gayundin, ang mga kalahok ay binigyan ng malinaw na paliwanag na sila ay may kalayaang umalis mula sa aktibidad kung sila ay hindi komportable upang magpatuloy. Inilahad din ng mananaliksik ang pangkalahatang ideya bago ang aktwal na aktibidad. Kasama rito ang mga banta na maaaring maranasan at mga benepisyo na matatanggap, at ang mga kasunduan tulad ng oras na ilalaan sa aktibidad.

Ang kompidensyalidad ng mga kalahok ay sinigurado ng mananaliksik sa lahat ng oras. Lahat ng mga sagot sa panayam at iba pang mga datos ay napanatiling lihim at hindi isiniwalat sa publiko. Tiniyak ng mananaliksik na ang mga personal na impormasyon ng mga kalahok ay protektado at hindi gagamitin para sa ibang layunin maliban sa itinakdang pananaliksik. Nagbigay rin ng kopya ng transkripsyon ng isinagawang panayam ang mananaliksik sa bawat kalahok. Bilang tanda ng pasasalamat, ang mananaliksik ay nagbigay ng token at naghanda ng meryenda para sa bawat kahok ng pag-aaral na ito.

## RESULTA AT INTERPRETASYON

### Talahanayan 1. Karanasan ng mga Gurong Labas sa Larang sa Pagtuturo ng Filipino

| LUMITAW NA TEMA *(Emerging Theme)* | NATIPONG MGA TEMA *(Clustered Themes)* | MAHAHALAGANG PAHAYAG *(Significant Statements)* |
|---|---|---|
| **Pagtupad sa sariling kagustuhan at panlipunang gampanin** | • Personal na interes at pasyon sa pagtuturo ng Filipino<br>• Responsibilidad at panlipunang gampanin ng guro | *"...yung interes...aahmm yung interes ko sa pagtuturo ng asignaturang Filipino".* (Kalahok 3)<br>*"...kinalaunan nagiging pasyon ko na siya kasi..."* (Kalahok 2)<br>*"...ahhh isa pong malaking responsibilidad po so ahh for the sake (para sa kapakanan) po ng student (mga mag-aaral) na learning ng mga student (pagkatuto ng mga mag-aaral)."* (Kalahok 5) |
| **Hamon sa pagtuturo ng Filipino** | • Hamon sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino<br>• Sikolohikal at emosyonal na Hamon<br>• Dagdag na oras at pagsisikap sa pagtuturo ng Filipino | *"...ngayon nahihirapan na talaga ako na mag ano.. mag-explain (magpaliwang), mag express (magpahayag) ng gusto kong sabihin sa klase..."* (Kalahok 1)<br>*".... Aahh unang-una, sir of course (syempre) na-pressure talaga ako. Aaminin ko aaahhhh kulang talaga ang kaalaman ko. Ahhh napressure ako sapagkat hindi maiwawaksi sa aking isipan yung ideya na ahhhh...baka may mga input na ibinibigay ako sa mga estudyante ko na hindi tama..."* (Kalahok 7)<br>*"...Nakakaapekto po sa akin yung actually (sa katunayan) yung oras and psychological (sikolohikal) at kasi po since (dahil) hindi ko naman po yun field (larangan) yung pagtuturo ng Filipino... kailangan ko pong magkaroon ng extra time (dagdag na panahon), extra effort (karagdagang sikap) na maituro ko ahh yung mga topiko sa sa Filipino..."* (Kalahok 5) |
| **Epekto at pagbabago sa sarili sa pagtuturo ng Filipino** | • Pag-aalinlangan sa sariling kakayahan<br>• Mental na hamon sa pagtuturo<br>• Pagkawala ng pokus sa orihinal na larangan | *"...Kaya minsan naano yung confidence (kompiyansa) ko parang ano ba? hindi ako effective (epektibo) magturo. Parang nagkaroon ako ng question (tanong) sa sarili ko."* (Kalahok 1)<br>*"...so I have to review (kailangan kong marebyu) na naman, nag back to zero (magsimula sa umpisa) na naman ako. Kailangan kong pag-aralan yung mga competencies(kasanayan)..."* (Kalahok 7)<br>*"...Nakakaapekto yung pagtuturo ng... ang pagtuturo ko ng Filipino na labas sa aking... Ahhhhh napag-aralan, dahil nawawalan ako minsan ng focus (pokus) sa totoong asignatura na dapat kong ituturo."* (Kalahok 8) |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 1-10

| | | |
|---|---|---|
| **Pag-unlad ng kakayahan sa pagtuturo at kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino** | • Pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan<br><br>• Pagpapalalim ng pagpapahalaga sa wikang Filipino | *"...mas nagiging mas knowledgeable (maalam) ka sa iba pang aspeto…"* (Kalahok 5)<br>*"...ma-iimprove (mapahuhusay) ang communication skill (kakayahan sa komunikasyon) ko sa Filipino." (Kalahok 5)*<br>*"...Ay nabubuhay ang aking pagka-Pilipino. At mas lalo akong naging magaling sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino."* (Kalahok 6) |

Ipinapakita ng karanasan ng mga gurong labas sa larang na ang kanilang pagtuturo ng Filipino ay hinubog ng dalawang pangunahing salik: personal na interes at pasyon, pati na rin ang responsibilidad at panlipunang gampanin bilang guro. Tinanggap nila ang pagtuturo ng Filipino dahil sa kanilang likas na hilig at pagmamahal sa asignatura, kaya nagkaroon sila ng mas malalim na dedikasyon sa kanilang tungkulin. Samantala, may iba namang nagtuturo ng Filipino bilang pagtugon sa pangangailangan ng paaralan at sa kanilang pananagutang pang-edukasyon, kung saan nakikita nila ang kanilang papel bilang mahalagang bahagi ng paghubog sa kaalaman ng mga mag-aaral.

Ang pagtuturo ng Filipino ay may kaakibat na iba't ibang hamon, lalo na para sa mga gurong hindi ito ang pangunahing larangan. Ang mga gurong labas sa larang ay nakararanas ng mga pagsubok sa aspekto ng kaalaman, pedagohiya, at emosyonal na aspekto ng kanilang propesyon. Ang mga hamong ito ay nagmumula sa kakulangan ng pormal na pagsasanay, limitadong mga kagamitan sa pagtuturo, at ang pangangailangang patuloy na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wikang Filipino.

Ang pagtuturo ng Filipino ng mga gurong labas sa larang ay nagdudulot ng malalim na epekto sa kanilang sarili, lalo na sa kanilang propesyonal at personal na pag-unlad. Ang mga gurong labas sa larang ay nagkakaroon ng pag-aalinlangan at pagbaba ng kumpiyansa dahil sa kakulangan ng kaalaman sa mas malalim na aspekto ng pagtuturo ng Filipino na nagreresulta sa pangangailangang magbalik-aral at muling pag-aralan ang mga kasanayan sa asignaturang ito. Bukod dito, ang dagdag na responsibilidad ay nagdudulot ng hamon sa kanilang mental na kapasidad at nakaaapekto sa kanilang orihinal na espesyalisasyon. Bagaman hindi dalubhasa sa Filipino ang ilang guro na nagtuturo ng asignaturang ito, napatunayan nilang posible ang patuloy na pag-unlad sa kanilang kakayahan at pagpapahalaga sa wikang pambansa. Sa proseso ng pagtuturo, natututo rin sila ng mas malalim na kaalaman sa Filipino at nagkakaroon ng mas malaking pagpapahalaga sa gamit at kahalagahan nito sa edukasyon at kultura.

## Talahanayan 2. Konteksto ng Karanasan ng mga Gurong Labas sa Larang

| **LUMITAW NA TEMA** *(Emerging Theme)* | **NATIPONG MGA TEMA** *(Clustered Themes)* | **MAHAHALAGANG PAHAYAG** *(Significant Statements)* |
|---|---|---|
| **Positibong dulot sa damdamin** | • Pagtanggap ng hamon at kakayahang umangkop<br><br>• Kaligayahan sa pagtuturo ng Filipino | *"...Masaya ako dahil nasabi ko sa sarili ko na flexible pala ako..." (Kalahok 3)*<br>*"Kailangan mo talagang magkaroon ng fighting spirit sa pagtuturo." (Kalahok 4)*<br>*"...masaya ako kasi natanggap ko ang hamon at nakaya ko ito." (Kalahok 2)*<br>*"...kasiyahan kasi napagtanto kong mahusay pala akong guro sa Filipino. Maligaya ako dahil naging parte o bahagi ako sa bawat mag-aaral na Filipino." (Kalahok 6)* |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 1-10

| | | |
|---|---|---|
| | | *"…Nasisisyahan ako at natuwa na magturo ng Filipino at napamahal na ito sa akin…"(kalahok8)* |
| **Pagtanggap sa hamon at pagpapabuti ng pagturo** | • Pagtanggap ng hamon at pag-aangkop sa bagong larangan<br>• Pagpapabuti sa sarili at patuloy na pagkatuto<br>• Pagmamahal sa Filipino bilang asignatura | *"Kailangan nating maging dynamic o flexible sa kung ano man yung ibinibigay sa atin." (Kalahok 2)*<br>*"Kailangan mong pagtibayin ang loob at pag-aralan bago magturo ng Filipino." (Kalahok 4)*<br>*"You have to equip yourself. Kailangan mong matuto ulit." (Kalahok 7)*<br>*"Napamahal na rin sa akin ang asignaturang Filipino." (Kalahok 8)* |
| **Emosyonal at mental na hamon sa pagtuturo ng Filipino** | • Pag-alala<br>• Nababahala | *"Nagwo-worry po ako…"(Kalahok 5)*<br>*"Baka kasi hindi ko po ma-reach yung pagtuturo ng ibang guro na larangan nila ay Filipino…" (Kalahok 5)*<br>*"Nababahala po ako bilang isang guro na nagtuturo ng Filipino na hindi ko naman po larangan…" (Kalahok 5)* |

Bagaman ang pagtuturo ng Filipino ng mga gurong labas sa larangan ay may mga hamon, hindi maikakaila na may positibong epekto rin ito sa kanilang damdamin. Ang kanilang karanasan sa pagtuturo ng asignaturang ito ay nagbubunga ng kasiyahan, pagmamalaki, at motibasyon na magpatuloy sa propesyon. Isa pang positibong dulot sa damdamin ay ang pagpapahalaga sa wikang Filipino. Mayroong mga gurong labas sa larangan ang nagsimulang magkaroon ng mas malalim na pagpapahalaga sa Filipino bilang isang wika ng komunikasyon at edukasyon.

Ang pagtuturo ng asignaturang hindi pangunahing larangan ng isang guro ay nagdudulot ng iba't ibang hamon, ngunit sa kabila nito, maraming guro ang natutong tanggapin ang mga pagsubok at gamitin ito bilang oportunidad sa propesyonal na pag-unlad. Ang kakulangan ng espesyalisadong guro sa isang partikular na asignatura ay nagtutulak sa iba pang guro na tumanggap ng bagong tungkulin, na nangangailangan ng mabilisang pag-angkop at patuloy na pagkatuto.

Ang pagtuturo ng Filipino, lalo na para sa mga gurong labas sa larangan, ay hindi lamang isang akademikong hamon kundi isang emosyonal at mental na pagsubok din. Ang mga guro labas sa larang ay nakararanas ng pangamba at takot na hindi maibigay sa mga mag-aaral ang tamang impormasyon, kawalan ng kumpiyansa, at matinding *stress* habang hinaharap nila ang responsibilidad ng pagtuturo ng isang asignaturang hindi nila pangunahing larangan.

**Talahanayan 3. Pananaw ng mga Gurong Labas sa Larang sa Kanilang mga Sarili sa Hinaharap**

| **LUMITAW NA TEMA** *(Emerging Theme)* | **NATIPONG MGA TEMA** *(Clustered Themes)* | **MAHAHALAGANG PAHAYAG** *(Significant Statements)* |
|---|---|---|

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 1-10

| | | |
|---|---|---|
| **Natanggap at nayakap ang pagtuturo ng asignaturang Filipino** | • Nagiging bukal sa loob ang pagtuturo sa Filipino<br>• Nagiging dalubhasa sa pagtuturo ng Filipino | *After 10 years, nakikita ko na talaga na bukal sa loob ko ang pagtuturo ng Filipino." (Kalahok 4)*<br>*"…makikita ko ang aking sarili 10 years from now na kahit hindi ako master in Filipino in the future, para sa akin masasabi kong magiging master in Filipino kahit hindi ako Filipino medyor…" (Kalahok 5)* |
| **Naging matagumpay sa karera ng pagtuturo** | • Personal at propesyonal na pag-unlad<br>• Aspirasyon sa mas mataas na posisyon sa edukasyon | *"…Magiging versatile at flexible teacher ako." (Kalahok 3)*<br>*"...gusto ko lang mag-explore at magbahagi ng aking kaalaman sa pagtuturo ng Filipino." (Kalahok 3)*<br>*"Nasa isang malayong paaralan sa bukid o humahawak ng paaralan." (Kalahok 8)*<br>*"…isa ako sa magbibigay ng payo doon sa mga bao o bago pa lamang sa departamento natin…". (Kalahok 2)* |
| **Napapananatili ang kasanayan sa wikang Filipino at Ingles** | • Pagsasama ng dalawang larangan sa Pagtuturo | *"…siguro ako ay nagtuturo na…magtuturo sa kolehiyo. Hindi naman ako aalis dito sa ating departamento, gusto ko lang tumuklas at magbahagi ng aking kaalaman lalong-lalo na dito sa pagtuturo ko ng asignaturang Filipino." (kalahok 3)*<br>*"Marahil isa akong guro sa Ingles na bihasa sa pagtuturo ng Filipino". (kalahok 6)* |

Sa kabila ng mga hamon, ang mga gurong labas sa larangan ay natutong tanggapin at yakapin ang pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa paglipas ng panahon, nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa wika, na nagbubunsod sa kanila upang patuloy na pagbutihin ang kanilang kakayahan sa pagtuturo. Ang prosesong ito ng pagtanggap at pagyakap sa bagong asignatura ay isang patunay ng kanilang dedikasyon bilang mga guro.

Habang patuloy na hinuhubog ng mga gurong labas sa larangan ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng Filipino, nagkakaroon sila ng mas malalim na pagtanaw sa kanilang hinaharap bilang mga matagumpay sa kanilang karera. Sa kabila ng mga hamon, nakikita nila ang kanilang sarili bilang mga lider o namumuno ng isang paaralan, mas bihasang tagapagturo, at patuloy na nagpayayaman ng kanilang kaalaman upang mas maging epektibo sa pagtuturo ng Filipino.

Ang mga gurong labas sa larangan na nagtuturo ng Filipino ay patuloy na pinangangalagaan ang kanilang kasanayan sa parehong wikang Filipino at Ingles. Dahil sa kanilang orihinal na espesyalisasyon sa ibang asignatura, maraming guro ang may matibay na pundasyon sa Ingles, ngunit sa kanilang pagtuturo ng Filipino, natututo silang balansehin ang paggamit ng dalawang wika upang mapahusay ang pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral. Ang bilinggwal na kakayahang ito ay hindi lamang nakatutulong sa kanilang pagtuturo kundi nagiging isang mahalagang kasanayan sa kanilang propesyonal na pag-unlad.

**Talahanayan 4. Kompetensi ng mga Gurong Labas sa Larang sa Pagtuturo ng Filipino**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Kaalaman sa Nilalaman at Pedagohiya | 4.04 | 0.09 | Napakakasiya-siya |
| 2. | Kapaligirang Pampagkatuto at Pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral | 4.43 | 0.05 | Napakakasiya-siya |
| **Kabuoan** | | **4.24** | **0.07** | **Napakakasiya-siya** |

Batay sa datos, makikita na ang pinakamataas na kompetensi sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong labas sa larang ay ang kapaligirang pampagkatuto at pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral (M=4.43, sd=0.05) samantalang mataas naman ang kaalaman sa nilalaman at edagohiya (M=4.04, sd=0.09). Sa kabuoan, mataas naman ang antas ng kanilang kompetensi sa pagtuturo ng Filipino na may kabuoang (M= 4.24, sd=0.07).

Ipinapakita na ang ang mga gurong labas sa larang na nagtuturo ng Filipino ay napakakasiya-siya ang antas ng kasanayan sa aspekto ng kaalaman at pamamaraan ng pagtuturo. Gayundin, napakakasiya-siya sila sa paglikha ng isang mabisang kapaligiran sa pagkatuto, pag-aangkop sa mga pangangailangan ng iba't ibang uri ng mag-aaral sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

**Talahanayan 5. Kabuoang Antas ng Balidasyon ng Programang PAGSIK, Programang Pampagsasanay sa Filipino**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Rasyonal/ Tunguhin | 4.83 | 0.26 | Lubos na Balido |
| Mga Kalahok | 4.58 | 0.46 | Lubos na Balido |
| Mga Layunin | 4.67 | 0.49 | Lubos na Balido |
| Nilalaman | 4.71 | 0.49 | Lubos na Balido |
| Metodolohiya | 4.30 | 0.48 | Lubos na Balido |
| Estratehiya at Kagamitan sa Ebalwasyon | 4.67 | 0.52 | Lubos na Balido |
| Awtput | 4.92 | 0.20 | Lubos na Balido |
| Itinakdang Panahon | 4.83 | 0.31 | Lubos na Balido |
| **Kabuoan** | **4.68** | **0.40** | **Lubos na Balido** |

Ipinapakita ng Talahanayan 5 na ang may pinakamataas na resulta ng balidasyon ng programang PAGSIK ay makikita sa awtput na may (M=4.92, sd=0.20). Samantalang, ang may pinakamababang resulta naman ang metodolihiya na may (M=4.30, sd=0.48) mula sa mga tagapagbalido ng programa. Sa pangkalahatan, nakakuha ng mataas na antas ng balidasyon ang programa na may (M=4.68, sd=0.40) na resulta at may berbal na deskripsyon na lubos na balido.

Batay sa resulta, may mataas na antas ng balidasyon ang awtput na nagpahihiwatig na ito ay lubos na nakatutugon sa itinakdang pamantayan sa pagbuo ng isang programang pampagsasanay sa Filipino na taglay ang pagkakaroon ng konkretong mga awtput tulad ng *reflection journal*, *lesson exemplar* na may malaking kaugnayan sa layunin ng programa. Sa kabila ng mataas na antas na balidasyon ng programang PAGSIK, taglay pa rin nito ang kaunting kahinaan partikular sa metodolohiya. Makabubuti na higit pang ilalarawan nang detalyado ang proseso ng bawat metodong gagamitin sa upang higit pang mapa-unlad ang kasanayang dapat pang taglayin ng mga kalahok sa tulong ng programa.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 1-10

**Talahanayan 6. Kabuoang Antas ng Pagtanggap ng Programang PAGSIK, Programang Pampagsasanay sa Filipino**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Rasyonal/Tunguhin | 4.58 | 0.46 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Mga Kalahok | 4.15 | 0.37 | Katanggap-tanggap |
| Mga Layunin | 4.33 | 0.46 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Nilalaman | 4.18 | 0.52 | Katanggap-tanggap |
| Metodolohiya | 4.12 | 0.50 | Katanggap-tanggap |
| Estratehiya at Kagamitan sa Ebalwasyon | 4.15 | 0.37 | Katanggap-tanggap |
| Awtput | 4.90 | 0.21 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| Itinakdang Panahon | 4.67 | 0.49 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | **4.38** | **0.42** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Batay sa datos sa Talahanayan 6, makikita na pinakamataas ang antas ng pagtanggap ng mga dalubhasa sa programang PAGSIK sa indikeytor na estratehiya at kagamitan sa ebalwasyon ng programa na may (M=4.90, sd=0.21) na nangangahulugan lamang na ito ay lubos na katanggap-tanggap. Samantala, pinakamababa naman ang antas ng pagtanggap sa bahaging metodolohiya ng programa na may (M= 4.12, sd=0.50) na may berbal na interpretasyon na katanggap-tanggap. Ipinapakita sa talahanayan na mataas ang antas ng pagtanggap ng programa na may kabuoang (M=4.38, sd=0.42) na nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap.

Sa kabuoan, ang nabuong programang pampagsasanay ay lubos na tinanggap ng mga dalubhasa. Nangangahulugan lamang ito na ang programa ay nakatutugon sa mga pangangailangan ng mga kalahok at sa pamantayan ng Kagawaran ng edukasyon sa pagbuo ng programang pampagsasanay. Bagaman lubos na katanggap-tanggap ang antas ng pagtanggap ng programa, nangangailangan pa rin ito ng pagpabubuti lalong-lalo na sa metodolohiya na gagamitin sa pagsasagawa ng programa upang mas magiging malinaw sa mga kalahok ang daloy ng pagsasanay at lalong matutugunan ang mga pangangailangan ng mga gurong labas sa larang sa pgtuturo ng Filipino.

## KONKLUSYON

Ang mga gurong labas sa larang na nagtuturo ng Filipino ay nakararanas ng iba't ibang hamon ngunit patuloy na umaangkop sa mga pangangailangan ng kanilang asigntaura at mga mag-aaral. Ang kanilang patuloy na pagkatuto at pagsisikap ay nagpapakita ng dedikasyon sa propesyon.

Ang konteksto ng kanilang karanasan ay may positibong epekto sa kanilang propesyonal na pag-unlad ngunit may kaakibat ding emosyonal at mental na hamon. Ipinakita nila ang kakayahang umangkop sa kabila ng *stress* at pag-aalinlangan.

Samantala, nananatiling positibo ang kanilang pananaw sa hinaharap. Patuloy na tinatanggap ang pagtuturo ng Filipino, nagsusumikap para sa tagumpay sa kanilang karera, at pinalalawak ang kanilang kasanayan sa wika.

Bagama't hindi ito ang kanilang pangunahing larangan, mayroon silang sapat na kakayahan at kasanayan upang epektibong maihatid ang pagtuturo ng Filipino.

Ang Programang PAGSIK ay isang mahalagang tugon upang mapaunlad ang kasanayan ng mga gurong labas sa larang.

Ang mataas na antas ng pagtanggap ng programang PAGSIK ay nagpapakita ng epektibong interbensyon sa pag-unlad ng mga gurong labas sa larang.

## SANGGUNIAN

Bausa, M. R. L., & Marbella, F. D. (2024). Experience of non-major teachers in Filipino sa Piling Larang-Akademik. *International Journal of Research Studies in Education, 13*(5), 55-67. https://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2023/v13i05/24021_final.pdf

Benton, L., & Pugh, K. (2019). The impact of out-of-field teaching on teacher effectiveness: Challenges and interventions. *International Journal of Educational Development, 27*(3), 112–128.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology, 3*(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Department of Education. (2023). *DepEd Memorandum No. 008, s. 2023: 2023 guidelines on the implementation of the results-based performance management system (RPMS) for teachers in the Department of Education*. Department of Education. https://www.deped.gov.ph

Department of Education. (2023). *DepEd Memorandum No. 044, s. 2023: Implementation of the professional development (PD) program design and quality assurance (QA) mechanism*. Department of Education. https://www.deped.gov.ph

Dillon, J. (2018). Teacher stress and burnout: The challenges of teaching outside one's specialization. *Journal of Educational Psychology, 110*(3), 415–430.

Estillore, N. M. A., & Namoco, S. O. (2024). Development and acceptability evaluation of digital competency training module for DepEd teachers. *Science International (Lahore), 36*(3), 313–321.

Guskey, T. R. (2017). Teacher competence and its effect on student achievement: Examining out-of-field instruction. *Educational Leadership, 75*(4), 22–28.

Hudson, S., & Hudson, P. (2019). "Please help me find teachers for my rural and remote school": A model for teaching readiness. *Australian and International Journal of Rural Education, 29*(3), 24-38.

Ingersoll, R. M., Merrill, E., & Stuckey, D. (2018). *Seven trends: The transformation of the teaching force*. Consortium for Policy Research in Education. https://repository.upenn.edu/cpre_researchreports/108

Plano Clark, V. L. (2016). Mixed methods research. *The Journal of Positive Psychology, 12* (3), 305–306. https://doi.org/10.1080/17439760.2016.1262619